




# Wespath

BENEFITS | INVESTMENTS

1901 Chestnut Avenue  
Glenview, Illinois 60025-1604  
wespath.org

## Tungkol sa Wespath

Pinangangalagaan namin ang mga naglilingkod sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa pamumuhunan at benepisyo na nagbibigay-dangal sa misyon at mga prinsipyo ng The United Methodist Church. Naglilingkod ang Wespath sa UMC at iba pang organisasyong nauugnay sa Methodist.



### Pagreretiro

Sinusuportahan ng aming mga programa sa pagreretiro ang mga kalahok na pastor o ministro at karaniwang mamamayan. Isinusulong din namin ang pagpapalano ng pananalapi sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Serbisyonag Pagpapalano ng Pananalapi ng EY.



### Kalusugan

Nag-aalok kami ng anim na HealthFlex medical plan na nagbibigay ng pangangalagang nauugnay sa medikal, inireresetang gamot, kalusugan ng pag-uugali, ngipin, at paningin para sa halos 18,000 saklaw na buhay.



### Kapakanan

Naniniwala kami sa isang pananaw na pinagsasama-sama ang pisikal, emosyonal, pinansyal, sosyal, at espiritwal na kapakanan ng mga kalahok, at nagbibigay kami ng mga programa ng suporta at mga tool na nakatuon sa limang dimensiyong ito.



### Mga Pamumuhunan

Nilalayan naming magkaroon ng magandang kita para sa aming mga kalahok at namumuhunan sa institusyon, habang sinusuportahan ang misyon at mga pinapahalagahan ng Iglesya. Sinusuportahan ng aming paraan sa pamumuhunan ang mga positibong epekto sa pananalapi, kapaligiran, at lipunan.



### Mga Programa

Tinuturuan namin ang mga kalahok na pastor o ministro at karaniwang mamamayan tungkol sa kanilang mga benepisyo at pananalapi sa pamamagitan ng mga pang-edukasyong programa at webinar na ginaganap nang personal at virtual. Nagdaraos din kami ng mga programa na nagbibigay-kaalaman sa mga sponsor ng plan at mga kliyente ng pamumuhunan sa institusyon.



### Mga Pensyon sa Sentral na Kumperensya

Sinusuportahan namin ang access sa mga plano sa pagreretiro para sa mga sentral na kumperensya ng UMC sa Africa, Pilipinas, Europe, at Eurasia. Patuloy naming tinuturuan ang mga pinuno ng kumperensya para sa huli ay magkakaroon sila ng mga programa ng pensyon na pinopondohan, pinapangasiwaan, at pinapanatili nila nang mag-isa.

**Mahigit 40**

SPONSOR NG HEALTHFLEX PLAN

**Mahigit 100,000**

KALAHOK

**Mahigit 150**

NAMUMUHUNAN SA INSTITUSYON

**\$25.9 Bilyon**

ASSET NA PINAPAMAHALAN\*

**300+**

EMPLOYADO